

Ota City Navigation



2019.11

Pangangalap ng kalahok sa cooking lesson para sa mga dayuhan: "Tayo'y magluto ng Osechi"

Magluluto ng mga simpleng lutong Hapon (Lutong Osechi [handa para sa Bagong Taon])"

Ipapakilala ang paraan ng pagpapalipas ng Bagong Taon sa Japan

Kailan	Ika-8 ng Disyembre (Linggo) 10:30 am – 1:00 pm
Saan	Mori Sosaku Kobo (Cooking room) sa Ota Bunka-no-mori (support facility for cultural activities)
Magkano	1,000 yen Ilang tao 24 katao
Paraan ng aplikasyon	Mag-aplay sa website ng asosasyon. Ipadala sa koreo o FAX ang itinakdang form (ng website) o application form. Ang huling araw ng pagtanggap ay ika-15 ng Nobyembre (Biyernes).

Saan mag-aplay	Pareho sa "Para sa mga katanungan"
Para sa mga katanungan	General Incorporated Foundation Global City Ota Cooperation Association ☎ 03-6410-7981 FAX 03-6410-7982 E-mail info@ota-goca.or.jp URL https://www.ota-goca.or.jp/

Pag-aralan sa wikang Intsik ang mga patakaran sa pamumuhay sa Japan



Sino ang maaaring mag-aral dito?

- Taong nakakapagsalita ng wikang Intsik
- Nakatira sa Ota City / Nagtatrabaho sa Ota City / Nag-aaral sa paaralan sa Ota City



Ano ang pag-aaralan?

Paraan ng pagtatapon ng basura, mga patakaran sa pamumuhay sa Japan (bawal mag-ingay o gumawa ng malakas na tunog sa gabi atbp.), at iba pang bagay

Kailan	Ika-27 ng Disyembre (Sabado) 1:30 pm – 3:30 pm
Saan	mics Ota's Classroom (Ota-ku Kamata 5-13-26, ika-1 palapag ng Consumer Center)
Magkano	Libre Ilang tao 20 katao
Paraan ng aplikasyon	<ul style="list-style-type: none"> • Sa pamamagitan ng e-mail Ipadala sa mail@ota-goca.or.jp ang (1) Pangalan (2) Tirahan (3) Numero ng telepono (4) Edad (5) E-mail address. • Mag-aplay sa consultation counter sa iba't ibang wika. • Ipadala sa pamamagitan ng FAX ang papel (application form).
Saan mag-aplay	Pareho sa "Para sa mga katanungan"
Para sa mga katanungan	General Incorporated Foundation Global City Ota Cooperation Association ☎ 03-6410-7981 FAX 03-6410-7982 E-mail mail@ota-goca.or.jp URL https://www.ota-goca.or.jp/

Nagsasagawa rin ng pagsasalin gamit ang tablet

Sa Internationalization and Multiculturalism Promotion Division, nakahanda ang 7 unit ng tablet para sa pagsasalin sa loob at labas ng main government building. Tatawagin ang interpreter sa display ng tablet terminal, at maaaring kumonsulta o magsagawa ng mga proseso sa tulong ng interpreter. Wikang may pagtugon: 13 wika (Ingles, Intsik, Koreano, Espanyol, Portuguese, Vietnamese, Tagalog, Thai, French, Nepalese, Hindi, Russian, Indonesian)



Kailan	Lunes hanggang Biyernes
Saan	Naka-install ang mga tablet sa (1) – (7) sa Ota City Office. (1) General reception (Ika-1 palapag ng main government building) (2) Household Residents Registry Division (Ika-1 palapag ng main government building) (3) Taxation Division (Ika-4 palapag ng main government building) (4) Tax Payment Division (Ika-4 palapag ng main government building) (5) Health Promotion and Medical Care Programs Division (Ika-6 palapag ng main government building) (6) Internationalization and Multiculturalism Promotion Division (Ika-6 palapag ng main government building) (7) Senzoku Branch Office
Magkano	Libre
Para sa mga katanungan	Internationalization and Multiculturalism Promotion Division ☎ 03-5744-1227 FAX 03-5744-1323

Sa Ota City, maraming Japanese language class na pinamamahalaan ng mga boluntaryo. Hahatiin sa Kamata area at Omori area ang pagpapakilala ng mga Japanese language class. Para sa mga nais mag-aral ng wikang Hapon sa mga Japanese language class na ito, mangyaring makipag-ugnayan nang direkta sa bawat Japanese language class.

Mga boluntaryong Japanese class sa loob ng Ota ku (Kamata)

Pangalan ng grupo	Nararapat	Araw	Oras	Lugar	Makipag-ugnayan sa Mga detalye	Bayad	Laman ng pag-aaralan	Karamihang Nasyonalidad
Nihongo WITH	Maaaring sumali kahit sino	Mon.	7:00 pm - 8:30 pm	Fureai Hasunuma (cultural facility) 3-19-1 Nishikamata	Mr. Taketomo Miyashita Tel.# 090-1460-0357 nihongowith7@gmail.com	Isang beses sa isang linggo ¥1,000/buwan	Depende sa antas ng kaalaman, may klase para sa beginner at intermediate. "Minna no Nihongo" para lamang sa gustong gamitin ito.	
OCNet (Pamumuhay ng Ota na kasama ang mga Dayuhan•Network ng mamamayan)	Beginner	Wed.	7:00 pm - 8:45 pm		TEL/FAX: 03-3730-0556 Ms.Naoko Tenmyo Tel.# 090-8594-2397	Isang beses sa isang linggo ¥1,000/buwan 2 beses sa isang linggo o higit pa ¥2,000/buwan	Group lesson Tea time pagkatapos ng lesson Seasonal event(tulad ng Hinamatsuri,atbp) "Minna no Nihongo I, II"	Nepalese Vietnamese Chinese
		Fri.	10:00 am - 11:30 am					
	Elementary & Junior H.S. students	Wed.	3:30 pm - 5:00 pm		Isang beses sa isang linggo ¥1,000/buwan 2beses sa isang linggo o higit pa ¥1,500/buwan	Chinese		
		Sat.	1:30 pm - 2:40 pm					
Nihongo Kouryu Club (Japanese Exchange Club)	Junior H.S. pataas na nakakabasa at nakakasulat ng Hiragana	Sat.	9:30 am - 12:00 pm	mics Ota (Multicultural Society Promotion Center) 5-13-26-101 Nishi Kamata	Mr. Nakayama Katsuyoshi Tel.# 080-2008-9376 nakayama@gaea.ocn.ne.jp Maaaring ma-contact sa Japanese o English hanggang 8:00 PM	¥1,000/buwan	Hiwalay ang antas ng tatlong klase Kuha sa form ng textbook sa eskwelahan ang gagamitin "Minna no Nihongo"	Chinese
Hajimete no Nihongo (baguhan sa wikang Hapon)	Beginner	Sat.	10:00 am - 11:30 am		Ms.Hoshino Hiroko Tel.#080-3205-3649 Maaaring ma-contact anytime Japanese o English	¥300/buwan	baguhan na mag-aral ng salitang Hapon Sinasanay sa Hiragana na gamit ang textbook "Minna no Nihongo"	Chinese Indian
Nichiyo Nihongo kaiwa circle(Sunday Japanese)	Maaari kahit sino	Sun.	10:00 am - 12:00 pm		Mr. Kubota Nobuo Tel.# 090-1762-4713 (Maaaring ma-contact sa English)	¥50/bawat klase	Natututo sa masayang pakikipag-usap Text: depende sa mag-aaral	Chinese, Vietnamese at Nepalese
Legato Ota	Maaaring sumali kahit sino	Sun.	1:00 pm - 3:00 pm (Feb., Mar, Jun, Jul, Oct. at Nov.)	Opisina ng Legato Ota 1F TTK mansion, 6-36-14 Nishi-Kamata	Mr. Yamaguchi nihongoc-h30@cp.em-net.ne.jp	¥2,000/ 1 kurso(8 beses)	1) Japanese Beginner Course 2) Japanese basic sentence pattern conversation course 3) Intermediate Course 4) Business Japanese Course • Impormasyon ukol sa kurso • ① Support image sa kursong Hapon ② Leaflet para sa pag-recruit ng nais mag-aral	Chinese, Korean, Thai, Vietnamese, Nepalese at Espanyol
Habataki	Elementary at Junior H.S. Students High School Examinees	Mon. Thurs.	7:00 pm - 9:00 pm	Shinshuku Elementary School Kamata-Honcho 1-5-1	Mr. Yoshiharu Kawai Tel.#080-3520-4689 12:00 pm - Midnight kawai0316@softbank.ne.jp (Maaaring ma-contact sa English)	2beses sa isang linggo ¥1,500/buwan	Pag-aaral na suporta para sa Elementary at Junior H.S. students na nahihirapan sa partikular na subject sa eskwela. Pangkaraniwan: One on one support Text: Teaching materials sa eskwela atbp.	Chinese, Filipino
Mebae (Haginaka) Grupo ng mga bata sa Japanese	Elementary at Junior High School students	Tues. / Thurs.	7:00 pm - 9:00 pm	Haginaka Elementary School 3-4-22 Honhaneda	Mr. Kesahide Okuyama Tel.# 080-5935-2271	2beses sa isang linggo ¥1,500/buwan	Pag-aaral na suporta para sa Elem. Junior H.S. students na nahihirapan sa partikular na subject sa eskwela. Pangkaraniwan: One on one support Text: Teaching materials sa eskwela atbp.	Chinese Filipino Pakistani
Nihongo circle Tuesday meeting	Beginners at Intermediate level	Tues.	10:30 am - 12:00 pm	Chidori Children's Center (Chidori Jidoukan) 3-11-7 Chidori	Ms. Chieko Kurita TEL. 03-3751-7592 9:00 am - 8:00 pm (Maaari ma-contact sa English)	¥1,000 / buwan	"Minna no Nihongo" ang gagamiting textbook	

Mga boluntaryong Japanese class sa loob ng Ota ku (Omori)

Pangalan ng grupo	Nararapat	Araw	Oras	Lugar	Makipag-ugnayan sa Mga detalye	Bayad	Laman ng pag-aaralan	Karamihang Nasyonalidad	
Seikatsu Nihongo'96	Kahit sino	Mon.	10: 00 am - 12: 00 pm	Sanno Kaikan Room# 301 3-37-11 Sanno *TEL 03-3773-6284	Mon. 10: 00 am - 12: 00 pm Sanno Kaikan 3rd floor Room# 301 *TEL 03-3773-6284	¥250/1 beses	Hinahati sa level ang klase Mas madami ang matagal na dito sa Japan "Minna no Nihongo" mayroong din Intermediate at Advance	Chinese	
Uguisu Japanese class	Kahit sino	Tues. Thurs.	7: 00 pm - 9: 00 pm		uguisu_nihongo@hotmail.com Maaaring ma-contact sa Japanese o English	Isang beses sa isang linggo ¥1,000/buwan 2beses sa isang linggo ¥1,500/buwan	Malawakang pagtuturo mula Introductory Advance level Seasonal event (May interchange din maliban sa pag-aaral) "Minna no Nihongo"	Chinese, Vietnamese	
Nihongo21	Kahit sino	Wed.	10: 00 am - 11: 30 am		Wed. 10: 00 am - 11: 30 pm Sanno Kaikan 3rd floor Room# 301 *TEL 03-3773-6284	¥2,000/buwan	Pagsusulat/Pagbabasa/Salita/Pandinig ang layunin ng pag-aaral "New Bunka shokyu Nihongo I, II"	Chinese	
Thursday Japanese circle	Kahit sino	Thurs.	10: 00 am - 12: 00 pm		Maaari lamang na tumawag sa oras na may klase	mokuyouc-h28@ck.em-net.ne.jp (kahit kailan maaaring ma-contact sa Japanese lamang)	¥500/buwan	Introductory-Upper grade Suporta para sa magulang at bata na gustong magkasamang mag-aral Tea time sa classroom Textbook: beginner-advance	Chinese, Filipino, Vietnamese, Thailander
OCNet (Pamumuhay ng Ota na kasama ang mga Dayuhan•Network ng mamamayan)	Baguhan	Fri.	1: 30 pm - 3: 30 pm		OCNet Office TEL&FAX: 03-3730-0556 Ms. Naoko Tenmyo Mobile: 090-8594-2397	Isang beses sa isang linggo ¥1,000/buwan 2beses sa isang linggo o higit pa ¥2,000/buwan	Grupong pag-aaral May tea time pagkatapos ng klase Seasonal event "Minna no Nihongo I, II"	Filipino Nepali	
Japanese salon	Kahit sino	Sat.	2: 00 pm - 4: 00 pm		Sanno Kaikan 3rd floor Room# 301 *TEL 03-3773-6284 (Sat 2: 00 pm - 4: 00 pm)	Libre	Hinahati sa level ang klase Mas binibigyan ng pansin ang pag-uusap sa salitang Hapon		
Ota Nihongo Hiroba	Kahit sino	Mon. Tues. Thurs.	7: 00 pm - 9: 00 pm 10: 00 am - 12: 00 pm		Sanno Kaikan Room# 303 3-37-11 Sanno *TEL03-3773-8347	Ms. Kyoko Wakata waka_k0904@yahoo.co.jp (Maaari ma-contact sa Japanese o English)	¥100/1beses	Kung saan ino-offer ang Conversational Format,Pakikinig at Pakipag-usap ng Nihonggo para sa Grupo ng 2-3 katao at ng mga Staff	Chinese, Filipino, Vietnamese
Nihongo gururitto	Karamihan ang 6-18yrs. Old	Mon. Wed. Fri.	10: 00 am - 12: 00 pm 2: 00 pm - 4: 00 pm	Maaari lamang na tumawag sa oras na may klase	Ms. Tokiko Iijima TEL 03-5709-1347 Mobile 080-3428-5709 info@nihongo-gururitto.com	¥500/1 beses ¥1,000/1beses *libre ang bago pumasok sa eskwela	Suporta sa pag-aaral ng mga bata. Binibigyan ng pansin ang salitang Hapon,pag-aaral na may kaugnayan sa paksa sa eskwela(textbooks atbp) "Nihongo o manabou" kaugnay sa textbooks sa eskwela,atbp	Chinese, Filipino	
Nihongo Cafe Ota	Kahit sino na 18yrs. old pataas	Wed.	7: 00 pm - 8: 30 pm	Senzokuike Library Multipurpose Room (2nd Floor) 2-2-10, Minami-Senzoku, Ota-ku	http://bit.do/nihongo_ota	¥100 / 1 beses	Pag-uusap ang focus ng pag-aaral		

Para sa mga katanungan

Internationalization and Multiculturalism Promotion Division

☎ 03-5744-1227 FAX 03-5744-1323

URL https://www.city.ota.tokyo.jp/kokusaitoshi/kouryu/nihongo_kyositu_multilingual.html

O kaya ay sa consultation counter sa iba't ibang wika ng Global City Ota Cooperation Association



Nais bang magpagawa ng My Number Card?

1. Ano ang My Number Card?

Ito ay card na may litrato ng mukha na makapagpapatunay ng iyong pagkakakilanlan at sariling My Number [Individual Number]. Magagamit din ito sa iba't ibang bagay tulad ng mga online administrative procedure, pagpapaisyu ng iba't ibang sertipiko (kopya ng Residence Certificate, Certificate of Family Register, Tax Certificate, Certificate of Registered Seal) sa mga convenience store atbp.

Kailan

1. Ota City My Number Card Center
Lunes – Biyernes 9:00 am – 6:30 pm
Sabado at Linggo 9:00 am – 4:30 pm
(Maliban sa ika-3 Sabado ng buwan at kasunod nitong Linggo, mga national holiday, at katapusan at simula ng taon)
2. Household Residents Registry Division sa ika-1 palapag ng main government building ng Ota City Office
Lunes – Biyernes 9:00 am – 4:30 pm (Maliban sa 12:00 pm – 1:00 pm)
Sabado at Linggo 9:00 am – 4:00 pm (Maliban sa 12:00 pm – 1:00 pm)
(Maliban sa ika-3 Sabado ng buwan at kasunod nitong Linggo, mga national holiday, at katapusan at simula ng taon)

Saan mag-aaplay

Household Residents Registry Section, Household Residents Registry Division
Ota City My Number Card Center
☎ 03-6429-8901 FAX 03-6429-9600
URL https://www.city.ota.tokyo.jp/smph/seikatsu/koseki_j/topics/mynumber-card-center.html

2. Madali lang ang pag-aaplay para sa My Number Card!

Makakapag-aaplay para sa My Number Card sa pamamagitan ng pagdadala ng isang dokumento para sa pagkumpirma ng sariling pagkakakilanlan (residence card, driver's license, health insurance card) sa counter para sa aplikasyon. (Kailangan ng maagang pagpapareserba.) Pakitandaan lamang na humigit-kumulang 1 buwan ang itatagal mula sa aplikasyon hanggang sa pagtanggap.

Saan

1. Ota City My Number Card Center (Sanno 2-3-7)
2. Household Residents Registry Division sa ika-1 palapag ng main government building ng Ota City Office (Kamata 5-13-14)

Magkano

Libre

Paraan ng aplikasyon

Sa pamamagitan ng telepono o website

Saan mag-aaplay

1. Ota City My Number Card Center
☎ 0570-03-3370 (Weekdays 9:00 am – 5:00 pm)
*Tumutugon sa wikang Hapon, Ingles, Intsik at Koreano
2. Website: <https://ota-tokyo.net/mn>



Nagbukas noong ika-7 ng Setyembre ang Katsu Kaishu Memorial Museum na kauna-unahan sa buong bansa!



Si Katsu Kaishu ay isang taong nagdaan sa panahon ng marahas na pagbabago mula katapusan ng Tokugawa Shogunate hanggang sa Meiji Era. Sinasabing dumating siya sa Amerika sa pamamagitan ng Kanrinmaru, at isa siyang shogunate retainer na may mga makabagong ideya tulad ng pagsisikap niyang itaguyod ang hukbong-dagat. Ang museo ni Katsu Kaishu ay itinayo sa baybayin ng Senzokuike na siyang minahal ni Kaishu. Pinanatili at ginamit ang lumang Seimei Library na isang Nationally Registered Tangible Cultural Property para maging gusali ng museo. Kasabay ng pagpapakilala ng mga nakamit ni Kaishu at ang kaugnayan niya sa Ota City, ipinahahatid ng museong ito ang mga saloobin ni Kaishu at kasaysayan ng lugar. Halina't dumalo sa museo at mamasyal na rin sa paligid ng Senzokuike Park atbp.

Oras na bukas ang museo

10:00 am – 6:00 pm
(hanggang 5:30 pm ang pagpasok sa museo)

Araw na sarado ang museo

Tuwing Lunes (kung national holiday ang Lunes ay ang kasunod nitong araw), katapusan at simula ng taon, at mga araw ng pansamantalang pagsasara ng museo

Bayad para sa pagpasok

Regular 300 yen, Elementary at junior high school student 100 yen, Grupo (20 katao pataas) 20 percent discount (240 yen, 80 yen)

*Libre ang pagpasok ng taong may Handbook para sa Taong May Pisikal na Kapansanan, Ai-no Techo, Handbook para sa Medikal na Paggamot, Handbook para sa Kalusugan at Kapakanan ng Taong May Mental na Kapansanan, at ang 1 taong kasama nito.

*Para sa pagpasok ng mga matatanda (65 taong gulang pataas) at may 20 percent discount (240 yen), mangyaring magpakita ng bagay na makapagpapatunay ng edad.

Saan

Ota-ku Minamisenzoku 2-3-1, Ota City Katsu Kaishu Memorial Museum
6 minutong lakad mula sa Tokyu Ikegami Line "Senzokuike" Station

Para sa mga katanungan

Katsu Kaishu Memorial Museum
☎ 03-6425-7608



Ang "Ota City Navigation" ay inilalathala ng Global City Ota Cooperation Association simula ng fiscal year 2019.

Tagapaglathala General Incorporated Foundation Global City Ota Cooperation Association
〒143-0023 Ota-ku Sanno 2-3-7 Omori Urban Development Promotion Facility 4F
☎ 03-6410-7981 FAX 03-6410-7982 URL <https://www.ota-goca.or.jp/>

Pakiabot sa amin ang inyong mga opinyon at puna sa pamamagitan ng e-mail.

E-mail info@ota-goca.or.jp